**POSISYONG PAPEL SA PAGTATANGGAL NG FILIPINO SA KOLEHIYO**

- Ang hakbang na ginawa ng Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon ay nagsisilbing tulay tungo sa kawalan ng pagkakakilanlan nating mga Pilipino. Maari lamang mapanatili ang pambansang pagkakakilanlan kung may integridad tayong mga Pilipinong huwag hayaang maimpluwensiyahan nang lubusan ng mga banyaga at higit dito ay ang pagtangkilik sa sariling wika. Ang pagtangkilik at paggamit ng sariling wika ay tuluyan nang naapektuhan ng globalisasyon dahil dito halos lahat ng kagawaran ng gobyerno, mga kumpanya, at maging mga paaralan ay gumagamit ng wikang banyaga na Ingles upang makasabay at hindi mapagiwanan ng mga karatig bansa. Higit na pinahahalagahan ang pag-aaral ng Ingles ng mga Pilipino marahil ang kakayahang magsalita ng Ingles ay  pamantayan upang makuha sa trabaho, makapasa sa paaralang nais pasukan at nakatatak na rin sa isip ng nakararami na kung mahusay ka magsalita at magsulat sa Ingles ay nakakaangat ka sa iba dahilan kung kaya ninanais palawakin ng mga Pilipino ang kanilang bokabularyo at linangin ang kakayahan sa paggamit ng wikang ito na ugat ng pagpapabaya o kawalan ng pagnanais na palawakin pa ang kaalaman sa sariling wika. Sa katunayan ay marami tayong alam na salitang Ingles na hindi natin alam ang kaakibat sa salitang Filipino. Nakakadismaya ang naging desisyong ng Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon dahil sa pagtanggal nila ng asignaturang Filipino na magsisilbi sanang daluyan upang mas makilala, magamit at mapaunlad ng mga kabataan at susunod pang mga henerasyon ang kaalaman sa komprehensibong paraan ng sariling wika ay tinanggal pa. Gayunpaman, hindi dapat tayo sumuko at kung patuloy nating tatangkilikin ang salitang Ingles nararapat lamang na patuloy rin nating pag-aralan ang salitang Filipino upang sa gayon ay may kaalaman pa rin tayo sa sarili nating wika at bukod dito ay hindi mawawala ang pagkakakilanlan nating bilang Pilipino.

- Hindi kami sumasang-ayon sa pagtanggal ng asignaturang ito dahil sa pag-tigil ng pagtuturo ng asignaturang Filipino sa kolehiyo hindi mapapalawak ang bokabularyo ng isang mag-aaral na magsisilbing hadlang tungo sa pag-unlad nito sa sarili niyang wika dahil mawawalan na sila ng makukunan ng impormasyon at ideya kung paano ang wastong paggamit ng wika  at tuluyan nang hindi yumaman ang ating sariling wika at pag nangyari ito ay maaaring hindi na maipasa sa mga susunod pang mga henerasyon ang mga mahahalagang pangyayari, akda at panitikan na naglalayon na magbigay alam tungkol sa ating mga bayani o mga katutubong kwento na kinagisnan ng karamihan na sumisimbolo ng yaman ng kultura ng ating bansa. Kung mapapabayaan nating mga Pilipino na namumuhay sa kasalukuyan na pag aralan, sanayin ang kakayahan sa paggamit ng wika darating ang araw na wala tayong maibabahaging wastong kaalaman sa mga susunod na henerasyon kaya nararapat lamang nating pahalagahan at pagyamanin ang wika natin..

- Bilang isang Pilipino na nanirahan sa ibang bansa simula pagkabata na kamakailan lang bumalik sa Pilipinas upang mag-aral sa kolehiyo, ang usapin nang pag-alis ng asignaturang Filipino ay napakahalaga para sakin at nagdudulot ng malaking kawalan sa ating bansa. Ang aking mga kamag-aral sa ibang bansa na katulad ko ay

bumalik sa Pilipinas upang mag-aral ng kolehiyo ay nawalan ng pagkakataon na mabawi at muling maibalik ang kaalaman tungkol sa sariling wika. Ang oportunidad para sa amin na Pilipinong nanirahan sa ibang bansa maging sa mga mag-aaral na nais matuto muli o malinang pa ang kaalaman ay nawala. Imbes na mabalik at maunawaan pa ng lubos ang sariling wika ay tila pa naging wikang banyaga ito sa amin. Naniniwala ako na ang pagtanggal ng asignaturang ito sa kolehiyo ay magdadala ng peligro sa bansa dahil posibleng makalimot o hindi na matuto pa ang mga mag-aaral sa wastong pag-unawa, gramatika at pagbaybay ng kanilang sariling wika magkakaroon ng hindi pagkakaunawaan at hindi makukumpleto ang kaalamanan ng mga estudyante tungkol sa wika at makakapagtapos na may mababang kalidad ng kaalaman tungkol sa wikang Filipino.

- Isa pa sa negatibong epekto na dulot ng pagtanggal ng wikang Filipino ay ang pagkawala ng oportunidad ng mga guro na ibahagi ang kanilang nalalaman tungkol sa asignaturang ito. Naging pasanin ito sa mga guro na nagtuturo sa asignaturang ito. Marami ang nawalan ng hanapbuhay, nalipat sa ibang kagawaran at kung naatasan man ng ibang asignatura ay nahihirapan sila dahil hindi nila gamay ang asignaturang ito.